

# Pagkapribado



BreastScreen  
Victoria

Ang BreastScreen Victoria ay nakatuon sa pangangalaga ng iyong pagkapribado. Ipinag-uutos sa amin ng batas na pangalagaan ang personal na impormasyon at sumunod sa [Health Records Act 2001 \(Vic\)](#), [Privacy Act 1988 \(CTH\)](#), [Privacy at Data Protection Act 2014 \(Vic\)](#) at iba pang mahahalagang batas na may kinalaman sa kompidensiyalidad at pagkapribado.

## Paano namin pinangangalagaan ang pagkapribado ng iyong impormasyon?

Pinangangalagaan ng BreastScreen Victoria ang iyong pagkapribado sa pamamagitan ng ligtas na pagtatabi ng personal na impormasyon laban sa hindi awtorisadong pag-access, paggamit, pagbubunyag o pagkawala.

Mga awtorisadong tao lang ang makaka-access sa iyong impormasyon. Kung may natukoy kaming paglabag sa datos na malamang na magdudulot ng malubhang pinsala sa iyo, ipapaalam namin ito sa iyo sa lalong madaling panahon.

Sa pangkalahatan, ang iyong impormasyon ay dapat na itabi nang hindi bababa sa labindalawang (12) taon makaraan ang iyong huling pag-kontak sa BreastScreen Victoria.

## Bakit namin kinokolekta ang impormasyon?

Kinokolekta namin ang impormasyon para sa mga layunin na:

- pagbibigay ng mga serbisyong pag-screen ng kanser sa suso at pagtatasa
- pagpopondo, pagpapalano, pagsubaybay at pagpapabuti ng aming programa
- pagsasagawa ng pagsasanay at pananaliksik.

## Anong impormasyon ang kinokolekta namin?

Kinokolekta namin ang sumusunod na impormasyon upang magampanan namin ang aming trabaho:

- mga detalye ng pangalan, tirahan at kontak
- demograpiko (halimbawa petsa ng kapanganakan at bansa ng kapanganakan)
- impormasyon sa kalusugan na may kaugnayan sa mga serbisyo ng pag-screen at pagtatasa
- kasaysayan ng kanser sa pamilya at mga sintomas ng kanser sa suso
- natatanging mga pangangailangan at anumang kasunod na pangangalaga at paggamot na natanggap sa labas ng Programa na may kaugnayan sa pagkakaloob ng aming serbisyo.

## Paano namin kinokolekta ang iyong impormasyon?

Ang bagong impormasyon ay idaragdag sa iyong rekord sa bawat pagdalo mo o pag-kontak sa BreastScreen Victoria.

Kapag dumalo ka sa BreastScreen Victoria, hihilingin namin sa iyo na kumpletuhin at lagdaan ang pormularyo ng Pagrehistro at Pahintulot. Ito ay hihiling sa iyo ng impormasyong personal at pangkalusugan at hihingi ng pahintulot na makuha ng BreastScreen Victoria ang iyong nakaraang mga imahe ng suso at kaugnay na mga file mula sa iba pang mga tagapagbigay ng serbisyo sa kalusugan para sa mga layunin ng paghahambing.

Kukunin namin ang impormasyon tungkol sa pangangalaga at paggamot na iyong natanggap mula sa iba pang mga serbisyong pangkalusugan na may kaugnayan sa pag-screen sa suso.

Maaari rin naming kolektahin ang iyong impormasyong personal o pangkalusugan mula sa iba pang mga pinagkukunan gaya ng Victorian Electoral Office, Victorian Cancer Registry at iba pang mga organisasyon ng pag-screen ng kanser o kalusugan.

Ang Victorian Electoral Commission (VEC) ay pumayag na magamit ang mga pangalan at tirahan ng mga kababaihan sa Victoria na may edad 50-74 upang maanyayahan namin silang dumalo sa programang BreastScreen Victoria. Pinayagan ng VEC na magamit ang impormasyong ito sa ilalim ng seksyon 34 ng Electoral Act 2002 (Vic) dahil sa malaking interes ng madla sa pampublikong programa ng kalusugan na ito, na pakikinabangan ng mga kababaihan sa Victoria. Ang BreastScreen Victoria ay nangako na ang impormasyon ay gagamitin lamang upang anyayahan ang mga kababaihan para sa pag-screen at hindi ibibigay sa sinumang third party. Matinding kaparusahan ang ilalapat sa anumang maling paggamit ng impormasyong ito.

## Paano namin ginagamit ang iyong impormasyon at kanino namin ito ibinubunyag?

Gagamitin lang at ibubunyag ng BreastScreen Victoria ang iyong impormasyong personal at pangkalusugan para sa pangunahing layunin ng pagkolekta nito o sa direktang kaugnay na pangalawang layunin na makatwirang aasahan mo.

Ginagamit namin ang iyong impormasyon upang magbigay sa iyo ng kinakailangang pangangalaga sa panahon ng iyong pag-screen at pagtatasa.

Maaari naming gamitin at ibahagi ang iyong mga personal na impormasyon para sa sumusunod na mga kadahilanan:

- Upang anyayahan ka sa iyong susunod na pag-screen ng suso o upang magbigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa BreastScreen o upang itaguyod ang Programa.
- Bigyan ng mga resulta at mga imahe ang iyong doktor, kung mayroon kang iminungkahi, at iba pang mga serbisyong pangkalusugan kung pinili mong makatanggap ng paggamot mula sa kanila, o kung isinangguni ka namin sa kanila.
- Kung kami ay inutusan ng batas na iulat ang impormasyong pangkalusugan o mga kaso ng kanser, halimbawa pag-uulat sa Victorian Cancer Registry o sa Victorian Department of Health and Human Services.
- Para sa mga layunin ng pagpapalano at pag-aaral kabilang ang klinikal na mga pulong at teknikal na mga talakayan para sa patuloy na edukasyon ng mga empleyado at mga propesyonal sa kalusugan na kasangkot sa Programa.
- Upang planuhin, pag-aralan at pabutihin ang kalidad ng aming serbisyo.
- Upang matasa at mapabuti ng pananaliksik ang mga serbisyo ng pag-screen at upang masiyasat ang karamdaman sa suso. Lahat ng mga proyekto ay sinusuri at inaaprubahan ng komite ng pananaliksik ng BreastScreen Victoria na napapailalim sa mahigpit na etikang pag-aproba.
- Upang matiyak sa mga survey at pagtataguyod na ikaw ay nasiyahan sa aming serbisyo. Maaari kaming kumuha ng aprubadong kompanya upang magsagawa ng survey. Ang pakikilahok sa mga survey o pagtanggap ng impormasyon tungkol sa Programa ay nasa sa iyo. Kung ayaw mong makatanggap ng mga survey o impormasyon, bibigyan ka ng opsyon na ipahinto ito. Kung ayaw mong lumahok, hindi ito makakaapekto sa iyong kasalukuyang pakikilahok sa Programa.
- Maaari rin naming ibahagi ang iyong impormasyon sa ibang sitwasyon na pinapayagan ng batas.

Hindi namin ipapadala ang iyong impormasyon sa ibang bansa maliban kung ito ay partikular na hiniling mo.

## Bakit nais naming ibahagi mo ang iyong impormasyon?

Ang impormasyong ibabahagi mo ay tumutulong sa amin upang magplano at magbigay sa iyo ng pinakamahusay na posibleng serbisyo sa pag-screen ng suso. Kung wala ang iyong nakaraang mga imahe o kasaysayan para sa paghahambing, hindi namin magagawang magbigay sa iyo ng pinakamahusay na posibleng serbisyo, at maaari kang tawagang muli, na hindi na kailangan sana, para sa karagdagang mga pagsusuri.

## Paano mo maa-access ang iyong impormasyon?

Ang BreastScreen Victoria ay magbibigay sa iyo ng access sa iyong impormasyon alinsunod sa [Health Records Act 2001](#), [Privacy Act 1998](#) at [Freedom of Information Act 1982](#).

Maaari kang humiling ng access sa iyong mga rekord sa pamamagitan ng pag-kontak sa klinika na iyong binisita o sa pamamagitan ng pagtawag sa BreastScreen Victoria Coordination Unit sa (03) 9660 6888 o online sa [breastscreen.org.au/contact-us](http://breastscreen.org.au/contact-us)

Ang mga kahilingan sa Freedom of Information ay dapat ipadala sa Victorian Department of Health and Human Services.

Kung may natukoy kang maling impormasyon sa iyong rekord, maaari mong hilingin na iwasto ang impormasyon.

## Mga reklamo tungkol sa pagkapribado

Kung nais mong ireklamo ang paraan ng paghawak namin ng iyong impormasyon, mangyaring kontakin ang klinika na binisita mo o tumawag sa BreastScreen Victoria Coordination Unit sa **(03) 9660 6888** o online sa [breastscreen.org.au/contact-us](http://breastscreen.org.au/contact-us)

## Mag-book sa [breastscreen.org.au](http://breastscreen.org.au) o tumawag sa **13 20 50**



Para sa karagdagang impormasyon o para baguhin ang iyong mga detalye, bisitahin ang [breastscreen.org.au](http://breastscreen.org.au) o tumawag sa **13 20 50**



Para sa tulong ng interpreter, tumawag sa **13 14 50**



Isinaling impormasyon: [breastscreen.org.au/translations](http://breastscreen.org.au/translations)



**TTY 13 36 77** kung ikaw ay may kahirapan sa pandinig o pananalita

Kinikilala ng BreastScreen Victoria ang suporta ng Pamahalaang Victoria